

Tala: 1

Eustachian Tube Dysfunction(includes abstract) Rosenblum LB; Rebeiz EE; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010052524

Abstract: Ang eustachian tube ay isang maliit na kanal na nagdurugtong sa panggitnang tainga sa likod ng ilong at itaas na bahagi ng lalamunan (nasopharynx). Ang gamit nito ay upang pagpantayin ang puwersa ng hangin sa panggitnang tainga at ang puwersa sa labas nito. Nangyayari ang eustachian tube dysfunction (ETD) kapag nabigo ang tubong magbukas sa paglunok o paghikab. Humahantong ito sa pagkakaiba ng puwersa ng hangin sa loob at labas ng panggitnang tainga. Nagdudulot ito ng kawalan ng ginawa sa tainga at pansamantalang mga problema sa pandinig.

[View English](#)

Database: Consumer Health Information -- Tagalog

Eustachian Tube Dysfunction

(ETD, Barotitis Media, Barotrauma, Ear Popping, Pressure-related Ear Pain)

ni: Laurie B. Rosenblum, MPH

[\[View English Version\]](#)


Pagkakabigkas: u-STA-shi-an tube dis-FUNC-shin

Kahulugan

Ang eustachian tube ay isang maliit na kanal na nagdurugtong sa panggitnang tainga sa likod ng ilong at itaas na bahagi ng lalamunan (nasopharynx). Ang gamit nito ay upang pagpantayin ang puwersa ng hangin sa panggitnang tainga at ang puwersa sa labas nito.

Nangyayari ang eustachian tube dysfunction (ETD) kapag nabigo ang tubong magbukas sa paglunok o paghikab. Humahantong ito sa pagkakaiba ng puwersa ng hangin sa loob at labas ng panggitnang tainga. Nagdudulot ito ng kawalan ng ginawa sa tainga at pansamantalang mga problema sa pandinig.

Eustachian Tube



© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Mga Sanhi

Maaaring maramdaman na parang nabarahan ang tainga kung nagbabago ang puwersa sa labas ng tainga, ngunit hindi nagbabago ang puwersa sa loob ng tainga. Kapang nangyayari ito, hindi normal na tumutunog ang eardrum. Madalas itong nangyayari kapag nagbabago ang taas, gaya ng pagsakay sa eroplano, pagmamaneho sa matarik na mga burol, o scuba diving. Kadalasang nawawala ang mga sintomas sa paglunok, paghikab, o pagnguya.

Nangyayari ang ETD kapag nabarahan o namamaga ang tubo, ikinukulong ang hangin at mga likido sa panggitnang tainga. Nagdudulot ito ng mga sintomas na nagpapatuloy lampas ng ilang oras. Minsan maaaring humantong sa pinsala sa tainga.

Kasama sa mga sanhi ang:

- Pagbabara sa ilong dahil sa allergy
- Sipon iba pang upper respiratory infection
- Mga impeksiyon sa tainga o sinus
- Makitid na eustachian tube
- Adenoid tissue na bumabara sa eustachian tube (sa mga bata)
- Mga tumor (sa mga nasa hustong gulang)

Mga Nagbibigay Panganib

Ang nagbibigay panganib ay isang bagay na nagpapataas ng iyong tsansang magkaroon ng ETD. Sabihin sa iyong doktor kung mayroon ka ng anuman sa mga ito:

- Mga gawaing may malalaki, mabilis na mga pagbabago sa taas, gaya ng pagsakay sa eroplano o scuba diving
- Allergy, sipon, o ibang upper respiratory infection
- Impeksiyon sa tainga o sinus
- Makitid na eustachian tube
- Pagkakaroon ng mga tumor na bumabara sa nasopharynx
- Mga batang may malalaking adenoids
- Edad: Mga bata (Mas makipot ang kanilang mga eustachian tube.)
- Mga allergy dulot ng kapaligiran

Sintomas

Kasama sa mga sintomas ang:

- Pakiramdaman ng pamimigat o pagbara sa tainga
- Kawalan ng ginhawa o pananakit sa tainga
- Pagkawala ng pandinig
- Pag-ugong sa tainga (tinnitus)
- Pagkahilo
- Hindi maiibsan ang mga sintomas sa paglunok, paghikab, o pagnguya
- Pananakit kung ang bara ay humahantong sa impeksiyon

Pagsuri

Magtatanong ang iyong doktor tungkol sa iyong mga sintomas at kasaysayang medikal, at magsasagawa ng eksaminasyong pisikal. Gagamitin ang isang may ilaw na instrumento, tinatawag na otoscope, upang makita ang loob ng iyong tainga. Maghahanap ang doktor ng bahagyang pag-umbok sa paligid ng eardrum, likido, at pamamaga. Kung malubha ang iyong kaso, maaaring kailangan mong magpatingin sa otolaryngologist, isang doktor na espesyalista sa mga problema sa tainga.

Kabilang sa ibang mga posibleng pagsusuri ang:

- Tympanogram—upang sukatin ang puwersa sa kanal ng tainga at paggalaw ng eardrum
- Audiogram —upang sukatin ang pandinig
- Pagsusuri sa ilong at likod ng ilong

Paggamot

Upang makayanan ang pagbabara sa tainga, kawalan ng ginhawa, o pananakit, maaari mong subukin ang:

- Paglunok, paghikab, o panguya ng gum upang maibsan ang puwersa
- Paglilinis sa iyong tainga sa pamamagitan ng paghinga papasok at marahang pagbuga habang hinahawakang pasara ang mga butas ng iyong ilong at ang bunganga

Kung hindi mawala ang mga sintomas sa loob ng ilang oras o malubha ang mga ito, maaaring irekomenda ng iyong doktor ang mga sumusunod na gamot:

- Nasal o oral decongestants
- Iniinom na mga antihistamine
- Nasal steroids upang maibsan ang pagbara sa ilong at hayaang bumukas ang eustachian tube
- Mga gamot sa pananakit (halimbawa, acetaminophen o ibuprofen)

Sa bihirang mga kaso, maaaring kailangan ang myringotomy . Gagawa ang doktor ng isang hiwa sa eardum upang hayaang magpantay ang puwersa at upang tumulo ang likido.

Pag-iwas

Upang tumulong na bawasan ang iyong tsansang magkaroon ng ETD, gawin ang mga sumusunod na hakbang:

- Iwasan ang pagsakay ng eroplano o scuba diving kung mayroon kang mga allergy o sipon.
- Kapag sumasakay sa eroplano:
 - Gumamit ng mga decongestant o antihistamine kung mayroon kang allergy o sipon.
 - Humikab o ngumuya ng gum. Pagsikapang lumunok sa pamamagitan ng pagsipsip sa matigas na candy o pag-inom ng tubig.
 - Kapag papalipad o papalapag ang eroplano, linisin ang iyong mga tainga sa paghinga papasok at marahang pagbuga habang hinahawakang pasara ang mga butas ng iyong ilong at ang bunganga.
 - Subukan ang mga espesyal na earplug na dahan-dahang nagpapatay sa puwersa sa iyong tainga. Matatagpuan ang mga earplug na ito sa mga botika at paliparan.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008

Numero ng Item: 2010052524